

Sa Virginia Mason Franciscan Health nagtatagpo ang kahusayan at pagmamalasakit. Nakatuon kaming bumuo ng mas malulusog na komunidad at naniniwala na dapat pakitunguhan ang bawat indibidwal nang may kabutihan, kasama na ang paggalang, dignidad, at pagiging patas. Narito ang puwede mong asahan:

- **Inklusibo at Mapagmalasakit na Pangangalaga:** Tinatanggap namin ang mga tao anuman ang kanilang pinagmulan—anuman ang kanilang lahi, edad, etnisidad, pagkamamamayan, pangkabuhayang katayuan, o pinagmulan. Saklaw ng aming pangakong ito ang katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan sa kasarian o pagpapahayag nito. Magkaroon ng kumpiyansa na makakatanggap ka ng patas at mapagmalasakit na pangangalaga.
- **Kalidad at Kaligtasan:** Priyoridad namin ang iyong kapakanan. Nagbibigay kami ng ligtas at de-kalidad na pangangalaga, anuman ang kakayahan mo sa pagbabayad.
- **Kabutihan at Paggalang:** Hinihiling namin sa inyo na samahan kaming magtaguyod ng kultura ng kabutihan at paggalang. Pinapahalagahan namin ang pagsasaalang-alang mo sa ibang taon, nagbibigay man sila ng pangangalaga o nakakatanggap nito.
- **Mahalaga ang Privacy:** Hindi lang isang legal na kinakailangan ang pagprotekta sa privacy ng pasyente, isa rin itong pangako namin sa iyo. Hindi magbabago ang pangako namin sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal dahil naniniwala kaming nakasandig sa tiwala, paggalang, at pag-iingat ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Tahimik na isinasagawa ang mga konsultasyon, pagsusuri, at paggagamot at kumpidensyal ang iyong personal na impormasyon.
- **Mga Pinapahalagahan at Pinaniniwalaan Mo:** Mahalagang bahagi ng kung sino ka ang iyong personal, kultural, at espirituwal na pagpapahalaga, at kinikilala namin ang mga ito sa mga desisyon mo sa pagpapagamot. My kalayaan kang magsangkot ng sinumang pinagkakatiwalaan mo sa mga talakayan tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan, at papanatilihin namin siyang may alam tungkol sa karanasan mo sa ospital.
- **Kapaligiran sa Pagpapagaling:** Para sa kapakanan ng lahat, huwag magdala ng mga armas, makilahok sa mga ilegal na aktibidad, o manigarilyo/mag-vape sa loob ng aming ospital. Hindi namin pinahihintulutan ang mga banta, karahasan, at anumang anyo ng pambabastos. Saklaw ng aming pangako para sa kaligtasan at dignidad ang lahat ng pagkakakilanlan at pinagmulan. Mahalaga ang iyong pakikilahok sa mga patakaran at regulasyon ng aming facility para mapanatili ang isang ligtas at nakapagpapagaling na kapaligiran para sa lahat.
- **Mga Service Animal:** Kinikilala namin ang kahalagahan ng service animal mo sa iyong kalusugan at kapakanan. Bagamat hindi namin pinapayagan ang mga alagang hayop, ganap naming sinusupportahan ang karapatan mong manatili ang iyong service animal sa tabi mo. Hinihiling lang namin na pangalagaan mo ang mga pangangailangan ng iyong service animal, dahil hindi makapagbibigay ang aming mga kawani ng pangangalaga, pagkain, o espesyal na lugar para dito. Kung magkaroon ng anumang aalahanin sa kalusugan o kaligtasan, makikipagtulungan kami sa iyo para makahanap ng mas angkop na tulong.
- **Mga Pinansyal na Responsibilidad:** nauunawaan namin na puwedeng maging komplikado ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan at narito kami para tulungan ka. Kung gusto mong i-explore ang mga opsyon para sa tulong, makipag-ugnayan sa aming mga pinansyal na tagapayo sa 1-888-779-6380 o para sa mga pasyente ng Virginia Mason Medical Center, sa 1-800-553-7803.

#### Pakikipag-ugnayan sa Mga Desisyon Mo kaugnay ng Iyong Pangangalagang Pangkalusugan

Mahalaga ang opinyon mo sa iyong karanasan sa pangangalagang pangkalusugan. Naniniwala kami sa pagbibigay sa iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw at nauunawaang impormasyon. Narito ang iyong team ng pangangalaga para gabayan ka sa mga detalye ng iyong kondisyon, mga available na paggagamot, at mga potensyal na resulta ng mga ito, kasama ang anumang panganib o side effect. Nakatuon kaming tiyakin na magkaroon ka ng kaalaman at kumpiyansa sa paggawa ng mga desisyon na naaayon sa mga hangarin mo sa kalusugan.

Hinihikayat ka naming magtanong at makilahok sa mga talakayan tungkol sa iyong pangangalaga. Ikaw ang pinakanakakakilala sa iyong sarili kaya narito kami para makinig at makipagtulungan sa iyo.

- **Bukas na Komunikasyon:** Nakakatulong sa aming mas lalo kang mapagsilbihan kapag nagbabahagi ka sa iyong team ng pangangalaga ng tumpak at na-update na impormasyon sa kalusugan. Ipaalam sa amin kung may anumang pagbabagi sa iyong kondisyon.
- **Mga Advance na Kahilingan:** Ipaalam sa aming ang mga kagustuhan mo kaugnay ng pangangalaga sa iyo sa hinaharap. Kapag ibinigay mo sa amin ang iyong mga advance na kahilingan, tinitiyak nitong maigagalang namin ang mga kagustuhan mo.
- **Mahalaga ang Iyong Pahintulot:** Mayroon kang ganap na kontrol sa mga desisyon mo sa pagpapagamot, kasama ang karapatang magbigay ng pahintulot, kanselahin, o bawiin ang pahintulot para sa anumang procedure. Saklaw ng kalayaang ito ang mga paggamot para sa pagtatapos ng buhay at pagpapatuloy ng buhay, pati na rin ang kagandahang loob na i-donate ang tissue at organ mo.



**PAGLALAKBAY MO, MGA  
DESIYON MO:  
PAG-UNAWA SA IYONG  
PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN  
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD**

### Komunikasyong Iniangkop sa Iyo

Nauunawaan naming mahalaga ang malinaw na komunikasyon para sa iyong kaginahawahan at kumpiyansa. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangan, huwag mag-atubiling ipaalam ito sa iyong team ng pangangalagang pangkalusugan. Narito kami para tulungan at suportahan ka. Nagbibigay kami ng iba't ibang serbisyo sa komunikasyon para matugunan ang iyong mga pangangailangan, nang libre:

- **mga Kuwalipikadong Medikal na Interpreter** para sa mga sinasalitang wika at sign language.
- **Mga Mapagkukunan ng Maa-access na Impormasyon** gaya ng pagsasalin, magnifier, large print, audio, at mga elektronikong format.
- **Mga Karagdagang Tulong at Serbisyo** para tulungan iyong mga may kapansanan sa pandinig, paningin, pananalita, o pagkilos.

### Pagpili ng mga Bisita Mo

Tinatanggap namin ang mga pinili mong bisita na maging bahagi ng karanasan mo sa pangangalaga, dahil napakahalaga ang kanilang pagdating para sa iyong paggaling at kapakanan. May kalayaan kang magdesisyon kung sino ang bumibisita sa iyo. Kinikilala namin ang mga desisyon mo nang walang limitasyon batay sa dad, lahi, etnisidad, kulay, pinagmulan, bansang pinagmulan, relihiyon, pagkakakilanlan sa kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan, pagkamamamayan, wika, o status sa immigration.

- **Pagtatalaga ng Suporta sa Iyo:** Puwede kang magtatalaga ng mga bisita at tumukoy ng pansuportang tao para pamahalaan ang mga karapatan mo sa pagbisita. Magkaroon ng kumpiyansa na magkaroon ang ga itinalaga mong bisita ng kaparehong access gaya ng malalapit mong kapamilya, bagama't mananatiling hiwalay na usapin ang mga medikal na pagdedesisyon.
- **Asal ng Bisita:** Umaasa kaming susundin ng lahat ng bisita ang kaparehong pamantayan sa kaligtasan at paggalang na aming pinapahalagahan. Hindi pinapahintulutan sa loob ng aming ospital ang anumang anyo ng pagbabanta, karahasan, o pambabastos.
- **Mga Alituntunin at Pag-check in ng Bisita:** Posibleng hilingin sa mga bisita na mag-check in sa aming mga pasukan kada araw para matiyak na may ligtas na kapaligiran para sa lahat. Paminsan-minsan, posible naming kailanganing magtakda ng limitasyon sa pagbisita para matiyak na naisasakatuparan ang mga karapatan at kaligtasan ng lahat.
- **Suporta sa Bisita at Pang-emergency na Tulong:** Dapat magkaroon ng kasama ang mga bisitang nangangailangan ng medikal na tulong para tulungan siya sa kanyang pagbisita. Bagama't walang responsibilidad ang aming mga kawani sa pagbibigay ng medikal na tulong sa mga bisita, handa kaming tumugon kung may emergency.

### Mahalaga ang Feedback Mo

Tinatanggap namin ang feedback mo at sineseryoso ang iyong mga alalahanin. Kung mayroon kang anumang reklamo tungkol sa iyong pangangalaga, dapat mong malaman na hindi makakaapekto sa kalidad ng serbisyonng natatanggap mo ang pagsasabi ng mga ito. Puwede kang magsumite ng pormal na hinaing kahit kailan sa napili mong facility, at magbibigay kami ng pinag-isipang nakasulat na tugon. Kung guto mong makipag-ugnayan sa mga external na ahensya, narito ang ilang ahensya na puwede mong makaugnayan:

Washington Department of Health Complaint Line: 1-800-633-6828

The Joint Commission Office of Quality Monitoring: 1-800-994-6610

### Pagkumpirma sa Pagtanggap ng Impormasyon

Natanggap ko at kinukumpirma ang mga karapatan at responsibilidad ng pasyente ko sa pangangalagang pangkalusugan.

Nauunawaan ko na mahahanap ko rin ang impormasyong ito sa Website ng Virginia Mason Franciscan Health:

<https://www.vmfh.org/patient-and-visitor-information/patient-information/patient-rights-responsibilities>

LAGDA NG PASYENTE (O LEGAL NA KINATAWAN)

PETSA

ORAS

SAKSI

PETSA

ORAS



**PAGLALAKBAY MO, MGA  
DESISYON MO:  
PAG-UNAWA SA IYONG  
PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN  
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD**

KOPYA NG PROOF  
Hindi Valid na Medikal na Record